

			<b>FIN 008</b>
			<b>MHS</b>
<b>Titulo: Diskwento sa Hindi Naka-insure</b>			
<b>Petsa ng Pagbalangkas: 12/18/07</b>	<b>Petsa na Huling Sinuri: 1/24/2025</b>	<b>Petsa ng Huling Rebisyon: 2/14/2023</b>	<b>Petsa ng Bisa: 1/24/2025</b>
<b>Departamento na Bumubuo ng Patakaran: Pananalapi</b>			<b>Pahina 1 ng 2</b>

**PATAKARAN:**

Ang Methodist Health System (MHS) ay magbibigay sa mga pasyenteng hindi naka-insure ng 50% na diskwento mula sa karaniwang mga singil.

**MGA GABAY:**

1. Ang Diskwento ng Methodist Health System sa Hindi Naka-insure ay nalalapat sa mga pasyente na walang insurance o iba pang saklaw ng ikatlong partido kabilang ang Medicare o Medicaid.
  - A. Ang Diskwento ay hindi nalalapat sa mga pasyente na inuri bilang kulang sa insurance.
  - B. Hindi nalalapat ang Diskwento sa mga co-pay, coinsurance, o deductible ng pasyente.
  - C. Ang Diskwento ay hindi nalalapat sa mga pasyenteng kwalipikado para sa pang-estado, pederal, o iba pang mga programang tinutulungan ng ikatlong partido.
2. Ang mga pasyenteng hindi naka-insure na unang natukoy bilang karapat-dapat na tumanggap ng diskwento ay aabisuhan tungkol sa diskwento sa oras ng pagpaparehistro. Ipagbibigay-alam din sa mga pasyente na ang MHS ay may karapatan na baligtarin ang diskwento kung sakaling matuklasan ng MHS na ang pasyente ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng diskwento o matuklasan na ang diskwento ay hindi sinasadyang inilapat para sa anumang dahilan. Ang mga naturang pasyente ay aabisuhan sa oras ng pagtuklas ng MHS Sentral na Opisina sa Paniningil.
3. Ang Diskwento ng Methodist Health System sa Hindi Naka-insure ay hindi nalalapat sa mga serbisyong napresyohan sa merkado.
  - A. Ang isang listahan ng mga serbisyong napresyohan sa merkado ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Methodist Health System Departmentamento ng Access ng Pasyente at maaaring magbago anumang oras.
4. Ang halaga ng diskwento ay ipapakita sa paunang singil ng pasyente bilang isang hiwalay na linyang aytem na may paglalarawan sa linya ng “Hindi Naka-insure na Diskwento sa Pasyente”.
5. Ang porsyento ng diskwento na ilalapat sa ilalim ng patakarang ito ay kukuwentahin taun-taon sa bawat Enero para sa nakaraang taon ng pananalapi ngunit hindi dadalas kaysa taun-taon, gamit ang pinakamahusay na impormasyong magagamit sa oras na iyon.

Addendum A: Mga Serbisyong Ibinukod Mula sa Diskwento sa Pasyenteng Hindi Naka-insure

**INAPRUBAHAN NI \_\_\_\_\_**

Ang opisina na responsable para sa Patakarang ito ay Pananalapi ng Kumpanya. Ang mga tanong tungkol sa patakarang ito o mga mungkahi para sa pagpapabuti ay dapat idirekta sa Ehekutibong Bise-Presidente ng Serbisyong Pinansyal sa 214-947-4510.

**Addendum A**

TITULO: MGA SERBISYONG IBINUKOD MULA SA DISKWENTO SA PASYENTENG HINDI NAKA-INSURE

MGA GABAY:

1. Ang mga sumusunod na serbisyo ay hindi kasama sa Diskwento sa Pasyenteng Hindi Naka-insure dahil ang mga ito ay itinuturing na mga serbisyong napresyohan sa merkado.
  - A. Operasyong Gastric Bypass
  - B. Operasyong Lap Band
  - C. Vaginal at C-Section Deliveries
  - D. Mga Pamamaraan na Pang-Kosmetiko Lamang
  - E. CT Heart Iskor

Ang isang listahan ng kasalukuyang mga presyong nakabatay sa merkado para sa mga pamamaraang ito ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departmentamento ng Access ng Pasyente ng kaukulang ospital.